National Capital Region
Schools Division Office
Caloocan North II District
**RENE CAYETANO ELEMENTARY SCHOOL**
Caloocan City

**IKALAWANG LAGUMANG PAGSUSULIT - FILIPINO (1st Grading)**

**Pangalan:** ______________________________ **Marka:** ______________________

**Baitang at Pangkat:** __________________________ **Lagda ng Magulang:** ____________

**I. Panuto: Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlng.**

______ 1. Ang alpabetong Filipino ay binubuo ng ___________ na letra.
a. 26 b. 27 c. 28 d. 29

______ 2. Namasyal ang mag-anak sa Manila Ocean Park noong nakaraang Sabado. Ang salitang may salungguhit ay pangngalang nagbibigay ngalan sa _____________.
a. tao b. bagay c. lugar d. hayop

______ 3. Ipinasyal ni G. Reyes ang kaniyang mga anak sa Manila Zoo. Ang salitang may salungguhit ay pangngalang _____________.
a. pantangi b. pambalana c. a at b d. wala

______ 4. Leevans ang tatak ng bago kong sapatos. Ang salitang may salungguhit ay pangngalang __________.
a. pantangi b. pambalana c. a at b d. wala

______ 5. Sa salitang ambag, ang unang pantig ay may kayarian na ___________.
a. P b. KP c. PK d. KPK

______ 6. Ang alpabetong Filipino ay binubuo ng __________ na katinig.
a. 23 b. 24 c. 25 d. 26

______ 7. Alin sa sumusunod ang tanging ngalan ng bagay?
a. bag b. lapis c. Honda d. Nelia

______ 8. Alin sa mga salita ang nagpapakita ng kayarian ng pangngalan na may katinig-patinig?
a. araw b. itlog c. usbong d. keso

______ 9. May mahabang pagsusulit si Emma sa Filipino. Hindi siya nakapag-aral nang nakaraang gabi dahil nanood lamang siya ng telebisyon. Marahil siya ay ____________________.
a. makakapasa sa pagsusulit
b. hindi papasok sa paaralan
c. hindi makakapasa sa pagsusulit
d. magkakasakit

______ 10. Nilagyan ng tatay ng palaman ang tinanapay. Alin sa pangungusap ang may maling baybay?
a. palaman b. tinanapay c. tatay d. nilagyan

**II. Panuto: Bilugan ang titik ng pangngalang pambalana ng bawat pangngalang pantangi.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 11. Lupang Hinirang | a. tula | b. awit | c. nobela |
| 12. Andres Bonifacio | a. bayani | b. manunulat | c. pangulo |
| 13. Angel Locsin | a. kongresista | b. artista | c. mayor |
| 14. Mongol | a. sabon | b. lapis | c. sapatos |
| 15. Brownie | a. aso | b. pagkain | c. kulay |

**III. Panuto: Isulat ang Tama kung wasto ang ipinapakita sa paggamit ng telepono at Mali kung hindi wasto.**

____________ 16. Sinisigawan ko ang aking kausap kapag hindi ko gustong makipag-usap.

____________ 17. Masaya kong sinasagot ang tawag sa telepono.

____________ 18. Binabagsakan ko ng telepono ang tumatawag sa akin.

____________ 19. Hindi ko ibinibigay ang tawag para sa aking ate at kuya.

____________ 20. Inililista ko ang iniiwang impormasyon ng tumatawag na hindi para sa akin.